ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LIV Blg. 13
Hulyo 7, 2023
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Paglaban ang tanging daan sa ilalim ng rehimeng US-Marcos



Palalang pang-aapi at pagsasamantala ang dinaranas ng sambayanang Pilipino habang lalong lumulubha ang mga saligang problema ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Walang kapantay na korapsyon, terorismo ng estado, pangangayupapa sa mga dayuhan at mga patakarang pahirap sa bayan ang tiyak na haharapin sa susunod na limang taon. Walang ibang mapagpipilian ang malawak na masa ng sambayanan kundi ang militanteng lumaban upang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at isulong ang mga hangarin nila para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Ilehitimo ang tingin ng malawak na mga sektor sa pagkapangulo ni Marcos Jr dahil naluklok ito sa pamamagitan ng garapalang pandaraya sa *automated* na sistema ng halalang 2022. Lalo pa itong nawalan ng kredibilidad sa harap ng hilig sa pamamasyal sa ibang bansa gamit ang salapi ng bayan, ang pagkahumaling sa pagpapaganda ng imahe ng ama niyang diktador at pagmamadaling hawakan ang daan-daan bilyong piso ng pondong pambuliko.

Talamak at lalala pa ang korapsyon sa ilalim ni Marcos. Abala siyang bawiin ang tagong yamang kinamkam noong 14-taong diktadura ng kanyang ama. Ibinalik niya sa kapangyarihan at pribilehiyo ang dating mga kroni at tagapagmana nila. Tulad ng ama niya, binibigyang layaw at binubusog ni Marcos ang mga upisyal ng militar sa malaking pondo ng bayan sa tabing ng "modernisasyon ng militar" at "kontra-insurhensya."

Kasabwat pangunahin ng naghaharing pangkating Marcos ang mga Duterte at Arroyo, kapwa bantog sa korapsyon at pasismo. Pareho silang binibigyang kontrol sa malaking pondo ng gubyerno, gayundin, ng mga pribilehiyo para palawakin ang kanilang negosyo at dinastiya. Nakatakdang lagdaan ni Marcos ang Maharlika Investment Fund sa darating na linggo. Hahawakan ni Marcos ang ₱500-bilyon pondong pampubliko nito para paburan ang kanyang mga kroni at palawakin ang suportang pampulitika.

Mula maupo sa poder, yuko nang yuko si Marcos sa dayong mga *superpower*, higit lalo sa kapangyarihang militar at interes sa ekonomya at geopulitika ng imperyalismong US, at ng mga ahente nito sa pananalapi tulad ng World Bank at iba pang institusyon. Humahalik din ito sa paa ng China kahit sa harap ng tahasang panghihimasok sa teritoryong pandagat ng bansa.

Patuloy na itinutulak ni Marcos ang mga patakarang neoliberal, gayong itinakwil na ito sa ibang bansa, laluna ng malalaking kapitalistang ekonomya. Bunga nito, patuloy ang pagkawasak ng lokal na produktibong pwersa, pinagkakaitan ang mamamayan ng kanilang mga kagamitan at pagkakakitaan, at winawasak ang lokal na ekonomya. Sa ilalim ni Marcos, todo-todo ang pag-aangkat ng mga produktong pang-agrikultura na pumapatay sa lokal na produksyon, kabilang ang walang-kapantay na laki ng pag-aangkat ng bigas. Lalo pang babaha ang mga imported na produktong pang-agrikultura sa pagpasok ng bansa sa Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) na tiyak magbubunsod ng lalong malaking dislokasyon sa kabuhayan ng milyun-milyong Pilipino.

Sinusubasta ni Marcos ang Pilipinas sa mga dayuhang malalaking kapitalista. Pang-akit ni Marcos

ang pangakong hindi bubuwisan ang operasyon ng malalaking negosyong dayuhan, at ang mababang sahod ng mga manggagawa. Ginagamit din ni Marcos ang kanyang pusisyon sa Department of Agriculture upang itulak ang interes ng mga korporasyong agribisnes katuwang ng World Bank at iba pang dayuhang bangko sa tabing ng "pagpapataas ng produktibidad" tulad ng palpak na programang Masagana 99 na naglubog sa daan-daan libong magsasaka sa utang.

Pinakamatingkad ang pangangayupapa ni Marcos sa mga dayuhan sa pagbibigay-daan niya sa plano ng US na magtayo ng dagdag na apat na base militar sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), liban sa iba pang pasilidad na lihim na itinatayo ng US kasabwat ang Armed Forces of the Philippines (AFP). Bahagi ito ng estratehiya ng US na magtatag ng mga base militar para palibutan ang karibal na China. Hinahayaan ni Marcos na gamitin at mahigop ang bansa sa posibleng armadong sigalot ng mga higanteng imperyalista.

Kung ano ang pagkakandarapa ni Marcos na pagsilbihan ang interes ng mga dayuhang kapitalista at kapangyarihan, ganoon naman ang pagbibingi-bingihan niya sa hinaing ng masang Pilipino. Nagtetengang-kawali siya sa sigaw ng mga manggagawa at mga kawani para sa makabuluhang umento sa sahod at sweldo upang makaagapay sa sumisirit na presyo at pigilan ang pagdausdos ng antas ng kanilang pamumuhay. Hindi niya pinapansin ang sigaw para sa tunay na reporma sa lupa at malawakang krisis sa agrikultura, at sa halip ay pinapaburan ang mga plantasyon, kumpanya sa mina, konstruksyon ng mga dam at iba pang imprastruktura, proyektong ekoturismo at pang-enerhiya na dahilan ng malawakang pangangamkam ng lupa. Itinutulak niya ang patakarang *labor-export* bilang pantapal na solusyon sa masidhing problema ng disempleyo.

Ang masang anakpawis ay inaagawan ng kanilang mga kagamitan sa produksyon at pinagkukunan ng kabuhayan sa ilalim ng mga patakaran at programang pabor sa mga dayuhang kumpanya at mga kasabwat na malaking negosyo. Malawakang nagaganap ito sa kanayunan, gayundin sa kalunsuran sa kaso ng mga drayber at opereytor ng mga dyip na nais alisan ng ruta at pagbawalang gamitin ang kanilang mga sasakyan, pati na ang mga mangingisdang tinataboy ng proyektong reklamasyon at iba't ibang ordinansa.

Walang-walang ginawa si Marcos para lutasin ang problema ng sumisirit na presyo ng mga saligang pangangailangan. Walang saysay ang iilang tindahang Kadiwa sa harap ng milyun-milyong hikahos na pamilyang Pilipino. Kasabwat ni Marcos ang mga kartel at ismagler na kumakamkam ng limpak-limpak mula sa pagkontrol ng suplay at pagpapasirit sa presyo ng bigas, asukal, sibuyas at iba pa.

Pasistang terorismo ang tugon ni Marcos sa hinaing at panawagan ng masang Pilipino. Ginagamit ang mga armadong ahente ng estado sa kampanya ng pagsupil sa mga unyon at organisasyong nagsisilbing bisig at pinagkukunan ng lakas ng mamamayan. Kaliwa't kanan ang mga kaso ng pagpatay at pagmasaker, at mga pagdukot, iligal na pagkukulong at matagalang pagbibilanggo ng mga detenidong pulitikal. Nasa ilalim ng batas militar ang maraming baryo sa kanayunan kung saan naghahari-harian ang mga pasistang sundalo at paramilitar at ipinaiilalim sa takot ang mamamayan. Maging sa kalunsuran, pinapasok ng mga ahenteng militar at pulis ang mga pabrika, komunidad, mga paaralan, tanggapan, at iba pa sa tabing ng "gera laban sa terorismo" para maghasik ng teror sa mamamayan.

Sa harap ng papalalang pang-aapi, pagpapahirap at panunupil, walang ibang mapagpipilian ang sambayanang Pilipino kundi ang ilunsad ang lahat ng anyo ng paglaban—mula sa lansangan hanggang sa kabundukan—upang ipagtanggol ang kanilang kapakanan, isulong ang kanilang interes at ipaglaban ang katarungan. Dapat ibayong palawakin at palakasin ang mga organisasyong masa at buuin ang pinakamalapad na pagkakaisa ng bayan para ihiwalay at labanan ang anti-mamamayan, maka-dayuhan at pasistang rehimeng US-Marcos. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 13 | Hulyo 7, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Paglaban ang tanging daan sa ilalim ng rehimeng US-Marcos 1
Palpak at pahirap sa mamamayan 3
Militarista sa kagawaran ng edukasyon 4
2 armadong aksyon, inilunsad ng BHB-Abra 5
Barya-baryang minimum, tinuligsa 5
Hatol sa konsultant ng NDFP, kinundena 5
Mga protesta 5
Mga manggagawa sa Mindanao, nagtitiis 6
94th IB sa Negros, berdugong batalyon 7
Sa madaling salita 8
Palayain ang lahat ng bilanggong pulitikal 9
Pride: Dagdag-sahod, karapatan at soberanya 9
Pang-aatakeng militar sa 5 prubinsya 10
Kinakasuhan ng "terorismo," dumarami 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph @ThePeople1969

Unang taon ni Marcos Jr

# Palpak at pahirap sa mamamayan

Ginunita ng mga progresibong grupo sa pamamagitan ng protesta sa Maynila ang unang taon ng ilehitimong presidente na si Ferdinand Marcos Jr noong Hunyo 30. Bago nito, inilunsad nila ang isang People's Summit kung saan kinundena ng iba't ibang sektor ang kainutilan, pasismo at pagpapakatuta ng kanyang rehimen.

"Mahal sa Pilipinas," pahayag ng mga raliyista na pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan. Bigo ang rehimeng Marcos na rendahan ang pagsirit ng implasyon, na pumalo sa pinakamataas sa nakaraang 14 taon noong simula ng 2023.

Sa halip na pangakong ₱20 kada kilo, nasa ₱40 na ang pinakamurang bigas sa Metro Manila, ayon sa mga magsasaka. Kumpara sa nakaraang taon, mas mataas ang presyo ngayon ng karne, isda at kalakhan ng gulay, bawang, sibuyas at asukal. Mas mataas rin ang singil sa tubig at kuryente, at pamasahe. Sa kabila nito, nananatiling mababa ang bilihan ng ani sa mga magsasaka.

Walang sinabi si Marcos sa usapin ng pagtataas ng sahod, kahit pa hindi umaabot sa tinaguriang *poverty threshold* ang abereyds na minimum na sahod sa bansa. Walang programa ang kanyang rehimen sa paglikha ng disenteng trabaho at patuloy nitong itinutulak ang pag-eksport ng paggawa para mapiga ang remitans ng milyun-milyong migranteng Pilipino. Nasa 70% ng lokal na pwersa ng paggawa ay impormal at nagdurusa sa napakababang kita, kawalang katiyakan sa trabaho at pang-aabuso ng mga awtoridad.

Umaalma ang mga kawani ng gubyerno sa patuloy na pagpapatupad ni Marcos ng barat na pagpapasweldo sa loob ng burukrasya at kontraktwalisasyon sa 700,000 manggagawang pampubliko.

Sa ngayon, ang Pilipinas ang may pinakamataas na "income inequality" o di pagkakapantay-pantay sa kita sa East Asia. Ang pinakamayayamang 1% ang humahawak sa 17% ng pambansang kita, habang ang pinakamahihirap na 50% ay tumatamasa lamang ng 14%.

Walang anumang ibinigay na alwan ang rehimen, at sa halip ay ibinagsak pa ang kakarampot na ayudang ipamamahagi nang hanggang 99.78%. Mula ₱233 bilyon noong 2020, naglaan lamang ng ₱510 milyon ang rehimen para sa 2023.

Ipinagpatuloy ni Marcos ang mga patakaran at programang neoliberal at maka-dayuhan na nagbubukas sa mga rekurso ng bansa sa pandarambong at agresyon sa tabing ng pag-unlad. Idineklara niyang krusyal ang operasyon ng mapangwasak na pagmimina, pagtatayo ng malalaking dam, konstruksyon ng mga planta sa enerhiya sa tabing ng *renewable energy*, gayundin ang ekspansyon ng mga komersyal na plantasyon, pook panturista at sona sa paggawa. Pinayagan niyang magpatuloy ang 187 proyektong reklamasyon na nagwawasak sa mga baybay at karagatan.




Marahas na pinatahimik ng rehimen ang pagtutol ng mga magsasaka, mangingisda at katutubo sa mga proyektong mapaminsala sa kanilang kabuhayan at kapaligiran. Walang humpay ang pangmamasaker, pamamaslang, iligal na pang-aaresto at detensyon, gayundin ang pambobomba, *hamletting* at militarisasyon.

Mula nang maupo sa poder, 13 beses bumyahe palabas ng bansa si Marcos, kasama ang kanyang pamilya, mga kaibigan at pinaborang negosyante. Magkasama nilang inilako ang likas na mga rekurso at murang lakas-paggawa ng bansa sa dayuhang mga kapitalista, sa pag-asang makikipagsosyohan ang mga ito sa lokal na mga burukrata at burgesya.

Bukod sa pagwawaldas sa pampublikong pondo, pagpapayaman sa sarili at kanyang pangkatin ang inatupag ni Marcos sa kanyang unang taon. Sa 31 prayoridad na panukalang batas na ipinaratsada niya sa Kongreso, 29 dito ay direktang nagsisilbi sa interes ng kanyang mga kroni at sa pagpapanatili sa kasalukuyang kaayusan.

Pangunahin dito ang panukalang pagbubuo sa Maharlika Investment Fund na magsesentro ng bilyun-bilyong pondo sa kanyang mga kamay at kanyang pinaburang mga upisyal at negosyante. Ipinasa rin sa Mababang Kapulungan ang 30-taong National Infrastructure Program Bill (na may islogang "Building Better More") para maging daluyan ng korapsyon. Halos kasabay na ipinasa ang National Land Use Act na magbibigay daan sa malawakang pang-aagaw at pagpapalit-gamit sa ekta-ektaryang lupang ninuno at agrikultural.

“Walang rason para ipagdiwang ang unang taon ni Marcos sa kapangyarihan,” ayon sa Bayan. “Dapat patuloy itong tuligsain sa kontra-mahirap at kontra-Pilipinong mga patakaran, at igiit ang inaasam ng mamamayan na tunay na kalayaan, demokrasya at pag-unlad.” AB

# Militarista sa kagawaran ng edukasyon

Mula't sapul, tutol ang mga guro sa pagtatalaga kay Sara Duterte, ilehitimong bise presidente, bilang kalihim ng Department of Education (DepEd). Anila, walang puwang sa kagawaran ang isang militarista, ignorante sa kasaysayan at lutang sa katotohanang katulad ni Duterte. Wala rin siyang bakgrawnd o kasanayan para pamunuan ito.




Matapos ang halos isang taong panunungkulan, litaw ang militaristang pag-iisip ni Duterte sa kanyang walang humpay na retorikang anti-komunista at pang-aatake sa mga guro. Ginamit niyang entablado ang DepEd para umaktong tagapagsalita ng militar, sa kaayusang hindi siya itinalaga sa pinaglawayan niyang Department of National Defense.

Ipinagpipilitan niya ang kanyang sarili bilang hepe ng reaksyunaryong hukbo bilang bahagi ng kanyang pagpupostura para sa susunod na eleksyong presidensyal. Ikinagalak niya ang pagtatalaga sa kanya bilang *co-vice chairperson* sa National Task Force-Elcac noong Mayo na ginawa bilang pagkilala sa kanyang todo-todong suporta sa layunin ng ahensya.

Higit sa pagiging *red-tagger*, dala-dala ni Duterte sa kagawaran ang kunwa'y tagumpay ng "lokal na kapayapaan" sa Davao City, na nakamit sa pamamagitan ng brutal na kampanyang panunupil na kinatangian ng mga masaker, pamamaslang, pang-aaresto, pwersahang pagpapasuko at pagpapailalim sa buu-buong mga komunidad sa paghaharing militar.

Habang abala sa mga militaristang tunguhin, bigo si Duterte na harapin ang krisis sa pagkakatuto na pinalala ng maling mga patakaran ng kanyang amang si Rodrigo Duterte noong panahon ng pandemya. Bigo rin siyang tugunan ang hinaing ng mga guro para sa disenteng sweldo, maayos na kundisyon sa paggawa, seguridad sa trabaho at pagbibigay ng mga benepisyo sa takdang panahon. Kahihiyan ang dala niya sa kagawarang hindi makapagbigay ng matinong alawans, tulad na lamang sa mabaho at di makaing bigas na isinauli ng mga guro noong Hunyo.

Nananatiling balakid sa dekalidad na edukasyon ang kakulangan sa personel, klasrum, libro at iba pang matatagal nang usapin sa sektor. Malaking kapalpakan ang pagdaraos ng mga klase sa nagdaang tag-init dulot ng siksikan at maiinit na mga klasrum.

Tulad ng kanyang ama, pinagtatakpan ni Duterte ang kanyang mga kapalpakan sa paulit-ulit na paninira sa progresibong mga organisasyon, pangunahin sa unyon ng mga guro.

Noong Marso, *red-tagging* ang itinugon niya sa paggigiit ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) na pag-eempleyo ng dagdag na 30,000 guro at paglalaan ng ₱100 bilyon kada taon sa susunod na anim na taon para abutin ang sukat ng klase na may 35 mag-aaral kada isang guro. Sinabi niyang "di reyalistiko at imposible" ang mungkahi, at inatake ang mga gurong nagpapahayag ng lehitimong hinaing.

Ginamit niya ang pwesto para patahimikin ang unyon ng mga guro. Noong Hunyo, naglabas siya ng memorandum para likumin at isumite sa sentral na pamunuan ng ahensya ang pangalan ng mga myembro ng ACT. Labag ito sa ginagarantiyahang karapatan sa pribasiya ng mga guro, karapatan nilang mag-unyon at magpahayag ng saloobin. Katulad lamang ito sa naunang iskema ng *profiling* na isinagawa ng Philippine National Police noong 2019. Ang *profiling* na ito ay nagbunga sa mga "pagbisita" ng pulis sa mga eskwelahan at bahay ng mga myembro ng ACT, at interogasyon at sarbeylans sa kanila.

**Mapanganib sa bata**

Noong Hunyo, nabalita na ginantimpalaan ni Duterte ang retiradong heneral na tapat sa dinastiya ng kanyang pamilya ng susing mga pusisyon sa DepEd. Itinalaga niyang *undersecretary* at *assistant secretary* sina Ret. Maj Gen. Nolasco Mempin at Ret. Brig. Gen. Noel Baluyan sa kabila ng kawalan nila ng bakgrawnd o kasanayan sa edukasyon.

Si Mempin ay nagsilbing kumander ng Task Force Davao at 10th ID. Responsable siya sa pwersahang pagpapasurender ng mga sibilyan sa rehiyon ng Davao noong 2022. Si Baluyan, sa kabilang banda, ay nagsilbing upisyal sa Task Force Cebu at Assistant Division Commander ng 3rd ID. Ang dibisyon na ito ng AFP ang responsable sa napakaraming karumaldumal na krimen sa isla ng Negros, kung saan kabilang sa kanyang mga biktima ay mga bata.

Sa ilalim ni Duterte, nagtuluy-tuloy ang pwersahang pagpapadalo ng mga menor-de-edad na nasa Grade 11 at 12 sa mga lektura at simposiya ng NTF-Elcac at AFP. Dito, sinisikil ng mga sundalo ang karapatan ng mga estudyante na magpahayag ng saloobin at sumali sa gusto nilang mga organisasyon. AB

## 2 armadong aksyon, inilunsad ng BHB-Abra

INILUNSAD NG MGA yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang dalawang armadong aksyon sa bayan ng Sallapadan, Abra noong huling linggo ng Hunyo. Ang pag-atake ay laban sa nag-ooperasyong tropa ng 24th at 102nd IB sa naturang bayan.

Unang inatake ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong yunit ng 24th IB sa Sityo Mangmangga, Barangay Naguilian noong Hunyo 26. Isang sundalo ang napatay sa naturang opensiba. Sinundan ito ng pagharas ng BHB-Abra sa tropa ng 102nd IB sa Barangay Bazar noong Hunyo 28. Dalawang sundalo ang nasugatan sa opensiba.

Sa Negros Occidental, pinaralisa ng BHB-South Central Negros noong Hunyo 14 ang dalawang *backhoe* sa Sityo Bulod, Barangay Carabalan, Himamaylan City. Ginagamit ang naturang mga *backhoe* sa konstruksyon ng Himamaylan-Tayasan Road na magbibigay-daan sa malalaking kumpanyang mina na gustong pumasok sa kabundukan ng Cansermon, Tahod-Ilahas, Cambantog at kalapit na mga lugar.

Ang dalawang *backhoe* na pag-aari ng ESJ *construction firm* ng mga Javelosa at mga Gensulin ay nagkakahalaga ng ₱7.5 milyon. Walang nasaktan na trabahador ng kumpanya sa operasyong ito.

## Barya-baryang minimum, tinuligsa

NAGRALI SA HARAP ng Nepa-Q Mart sa Quezon City noong Hulyo 3 ang mga manggagawa sa National Capital Region para batikusin ang ₱40 na idinagdag ng rehiyunal na *wage board* sa kanilang sahod. Ang umentong ito, na matatanggap simula Hulyo 16, ay katumbas lamang sa 7% pagtaas sa kasalukuyang sahod sa rehiyon. Tinuligsa nila ang anila'y "barya-baryang minimum" ng barat na rehimeng Marcos.

Sa inilabas na atas, tataas ang sahod ng mga manggagawa sa agrikultura, serbisyo at negosyong pagtitingi mula ₱533 tungong ₱573. Ang mga industriyang labas sa agrikultura ay tatanggap ng ₱610 mula sa dating ₱570. Napakalayo nito sa nakabubuhay na sahod para sa isang lima-kataong pamilya na ₱1,160 kada araw noong Abril. Lubhang napakababa nito kahit kumpara sa panukalang ₱150 *across-the-board* na inihapag sa Senado.

Batid ng mga manggagawa na malaki pa ang kailangang itulak para sa dagdag sahod. Kung ang mga kapitalista at estado ang masusunod, wala o mas mababa pa ang igagawad na umento sa pagdadahilang "nakataas" ito ng implasyon o "nakalulugi" sa negosyo. Nangako silang palalakasin ppa ang pakikibaka para sa makatarungang dagdag-sahod sa buong bansa.

## Hatol sa konsultant ng NDFP at asawa, kinundena

KINUNDENA NG MGA grupo sa karapatang-tao ang hatol na maysala ng korte noong Hunyo 29 sa matanda at maysakit na konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na si Frank Fernandez, 75, at kanyang asawa na si Cleofe Lagtapon, 69. Ang hatol ay kaugnay sa gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms*.

Ang mag-asawa, kasama si Ge-ann Perez, ay inaresto noong Marso 24, 2019 sa Barangay Calumpang, Liliw, Laguna. Pinalalabas noon na nasamsam sa kanila ang tatlong kalibre .45 pistola, tatlong magasin at mga bala, at tatlong granada.

Sina Fernandez at Lagtapon ay nagpapagamot sa Laguna nang arestuhin. Si Fernandez ay mayroong sakit na *chronic artery disease*, *chronic stable angina*, *hypertension stage 2-uncontrolled*, *chronic obstructive pulmonary disease*, at *hyponatremia*, liban pa sa ibang sakit na dulot ng labis na katandaan.

Samantala, ibinalita ng grupong Karapatan na napawalang-sala ang mag-asawa sa mga kaso ng *illegal possession of explosives* at COMELEC *gun ban*. Si Perez, na kasama nilang akusado, ay ipinawalang-sala sa lahat ng mga kaso at nakalaya noong Hunyo 30.

**Martsa kontra Ahunan dam.** Nagmartsa ang mga residente ng Pakil, Laguna sa sentro ng bayan noong Hulyo 1 para ipabatid ang kanilang pagtutol sa mga proyektong Ahunan at Belisama Hydropower sa kanilang bayan. Itatayo ang Ahunan Dam sa Bundok Ping-as, na matatagpuan sa naturang bayan. Ang pagkilos ay kasunod ng porum at konsultasyon sa parehong araw na pinangunahan ng Mamamayang Nagmamahal sa Pakil (Manapak).

**Reklamasyon sa Bacolod City, labanan.** Naglunsad ng protesta sa karagatan ang mga mangingisda at maralitang tutol sa nakatakdang 1,018-ektaryang proyektong reklamasyon sa Bacolod City noong Hunyo 25. Nakiisa sa pagkilos ang mga residente ng barangay ng Banago at Punta Taytay, mga apektadong komunidad ng mapangwasak na reklamasyon. Dala ng mga mangingisda at residente ang kanilang mga panawagan sakay ng dalawang *pump boat* at 13 bangkang de motor.

**Protesta sa mga ospital.** Magkakasunod na protesta at pangangalampag ang inilunsad ng mga unyon ng mga manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng Alliance of Health Workers (AHW) sa limang ospital sa Metro Manila noong Hunyo 23 at Hunyo 27. Inilunsad ang mga protesta kaugnay ng nalalapit na isang taon sa poder ng rehimeng Marcos at ikalawang *state of the nation address* nito. Panawagan nila ang dagdag-sahod, kagyat na mga benepisyo at dagdag-badyet sa pampulikong kalusugan.

# Mga manggagawa sa Mindanao, nagtitiis sa kakarampot na sahod




Walang aksyon ang Regional Tripartite Wages and Productivity Boards (RTWPB) sa petisyon ng mga manggagawa para sa dagdag sahod bukod sa National Capital Region. Nakabimbin pa rin ang mga panukala sa 10 RTWPB.

Noon pang Hunyo 2022 huling nag-utos ng mga umento ang mga RTWPB. Sa mga ito, ₱16 (BARMM) ang pinakamababang idinagdag habang ₱110 (Region VI) ang pinakamalaki na ipinatupad ng dalawang bigayan. Karamihan sa mga rehiyon ay nagpatupad lamang ng ₱30-₱60 na umento. Relatibong mataas-taas ang minimum na sahod sa NCR na ₱533-₱570.

Sa Mindanao, nasa abereyds na ₱357.83 hanggang ₱376.33 lamang ang minimum na sahod. Pinakamataas na ang natatanggap ng mga manggagawa sa rehiyon ng Davao na ₱443. Malayong-malayo ito sa abereyds na nakabubuhay na sahod sa isla na itinakda sa ₱1,315/araw noong Abril. Para maabot ang sahod na nakabubuhay, kailangang magkaroon ng umento sa sahod nang hanggang ₱938.67 sa buong isla.

Sa estadistika ng estado noong Enero, nasa Mindanao ang higit 23% ng populasyong 15-edad pataas o 17.82 milyon sa kabuuang 77.12 milyon sa bansa. Sa bilang na ito, 68.2% lamang ang ibinilang sa pwersa ng lakas paggawa. Sa parehong panahon, inilagay sa mababang abereyds na 3.9% ang tantos ng disempleyo habang 17.5% ang tantos ng kulang ang trabaho dito.

Sa isang pag-aaral noong 2017, lumabas na isa sa bawat limang manggagawa sa Mindanao ay naghahanap ng dagdag na trabaho, pero karamihan ng trabaho ay panandalian o partaym. Nasa 90% ng lakas-paggawa ay nasa impormal na sektor, kalakhan sa agrikultura. Lubhang di industriyalisado ang ekonomya ng isla, kahit kumpara sa atrasadong kalagayan ng kalakhan ng bansa. Noong 2018, nasa 153,369 lamang ang mga manggagawang nasa pagmamanupaktura kung saan 50,522 pa ay kontrakwal. Higit 364,000 naman ang ineempleyo sa transportasyon at pag-iimbak, *wholesale* at pagtitingi, at mga negosyong may kaugnayan sa kuryente at gas.

Samantala, nasa 24,025 ang itinalang bilang ng mga manggagawa sa noo'y 72 na mga kumpanya sa pagmimina at kwari. Pinakakonsentrado (19,482) ang mga manggagawa sa minahan sa rehiyon ng Caraga kung saan 54% ng mga manggagawa ay kontraktwal. Sa kasalukuyan, nakapako sa ₱350 ang arawang sahod ng mga manggagawa sa rehiyon.

Noong Hunyo, nakapagtagumpay ang unyon ng mga manggagawa sa Philsaga Mining Corp. (PMC), kumpanyang nagmimina ng ginto, ng dagdag sahod na ₱40 sa kanilang pakikipagnegosasyon sa maneydsment. Nag-eempleyo ang kumpanya ng 2,050 regular na mga manggagawa at naglaan ng kakarampot na ₱82,000 kada buwan sa dagdag sahod. Sa tala ng Mines and Geosciences Bureau Region 13 noong 2022, mayroong tinatayang 5,040 empleyado ang kumpanya at gumastos lamang ₱692 milyon para sa pasahod, maliit na halaga kumpara sa halaga ng ginto ($137.51 milyon) at pilak ($779,123) na ineksport nito sa parehong panahon.

Sa mga pabrika at plantasyon ng kumpanyang Dolefil sa South Cotabato, humigit-kumulang 7,000 lamang sa 20,000 manggagawa ang regular at tumatanggap ng minimum sa Socsksargen na ₱341/araw. Mas mababa nang 8% ang tinatanggap ng mayorya na iniiempleyo na mga kontraktwal. Ang Dolefil ang isa sa pinakamalaking eksporter ng mga produktong prutas sa buong mundo at noong 2021 ay kumita nang hanggang $6.5 bilyon.

Maliit na bahagi lamang ang mga plantasyon ng Dolefil sa halos 500,000 ektaryang lupain o 12% ng kabuuang agrikultural na lupa ng Mindanao na okupado ng mga kumpanya sa plantasyon.

Bukod dito, mayroong hindi bababa sa 37 *economic zone* sa isla. Nasa Davao Region ang 17 nito at 10 ay nasa Northern Mindanao. Sa mga ito, 12 ang *agro-industrial zone*, 15 ay *information technology park*, at walo ang *manufacturing zone*. Mas madalas, ang mga manggagawa dito ay tumatanggap ng mas mababa sa minimum at kumakaharap sa samutsaring atake sa kanilang karapatan sa paggawa.

Kamakailan, naitala ng mga rehiyon sa Mindanao ang abereyds na 7.2% na Gross Regional Domestic Product (GRDP). Gayunpaman, hindi ito dama ng mamamayan. Sa tatlong mayor na isla ng bansa, doble ang tantos ng kahirapan sa Mindanao noong 2021 na inilagay sa 21.93% kumpara sa Luzon (10.52%). AB

# 94th IB sa Negros, berdugong batalyon

Nagsagawa ng imbestigasyon noong Hunyo 24 ang National Solidarity Mission (NSM) na binubuo ng mga kinatawan ng simbahan, magsasaka, manggagawang bukid, kababaihan, pambansang minorya, at kabataan hinggil sa masaker sa pamilyang Fausto sa Himamaylan, Negros Occidental.

Sa *press conference* na ginanap noong Hunyo 26, iniulat ng NSM ang resulta ng imbestigasyon hindi lamang sa kaso ng masaker kundi pati ang brutal na pagpatay kay Crispin Tingal Jr, at iba pang kaso ng pamamaslang sa isla ng Negros.

Ayon sa NSM, hindi hiwalay na insidente ang nangyari dahil lumabas sa imbestigasyon ang malalala at paulit-ulit na paglabag sa karapatang-tao sa mga sibilyan sa isla. Sa kaso ng pamilyang Fausto at ni Tingal, lahat sila dumanas ng panggigipit ng militar bago tuluyang patayin.

Isang araw bago ang pag-uulat, inaresto si Susan Medes, ang tagapangulo ng Baclayan, Bito, Cabagal Farmers and Farmworkers Association (BABICAFA), ang organisasyon na kinabilangan din ng pamilyang Fausto. Kasama si Medes sa 17 iba pang indibidwal na sinampahan ng gawa-gawang kaso ng pagpatay at bigong pagpatay kaugnay ng isang ambus na naganap sa Kabankalan City noong Mayo 2018.

**Sino ang 94th IB?**

Isa ang 94th IB sa mga batalyon na itinayo sa ilalim ng rehimeng Duterte. Binuo ito ng mga sundalo mula sa 4th at 6th ID ng Mindanao at 7th ID ng Luzon. Pinakawalan ito sa Negros noong 2018 sa layuning pulbusin ang rebolusyonaryong pwersa sa isla. Sa taon ding ito ipinataw ni Duterte ang batas militar sa isla ng Negros at mga rehiyon ng Bicol at Eastern Visayas sa pamamagitan ng Memorandum 32.

Mula noon, nakapagtala ang batalyon ng higit 150 kaso ng paglabag sa karapatang-tao at internasyunal makataong batas sa Central Negros. Higit sa 18,000 residente ng Moises Padilla, Isabela, Binalbagan, Himamaylan City at Kabankalan City sa Negros Occidental, at Guihulngan City, Jimalalud, Ayungon at Manjuyod naman sa Negros Oriental ang apektado ng pang-aabuso ng militar. Ang batalyong ito ang nasa likod ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa 34 na mga indibidwal, kasama ang mag-asawang Fausto at dalawa nilang menor-de-edad na anak.

Simula 2022 hanggang kasalukuyan, pinamumunuan ni Lt. Col. Van Donald Almonte ang berdugong batalyon. Si Almonte ay galing sa 303rd IB na nakabase sa Negros Occidental. Kilala siya sa mga iskemang mapanlinlang tulad ng pagpapadala ng mga liham sa mga residente ng Brgy. Buenavista noong nakaraang buwan na kunwari ay makatao at nagsusulong ng kapayapaan.

Samantala, namumutiktik ang bilang ng kaso ng paninindak at intimidasyon ng 94th IBde sa mga sibilyan. Tahasan ang militarisasyon, pwersahang pagpapasurender, iligal na pag aresto, paninira ng ari-arian, pagdukot, at pagpapalaganap ng mga kasinungalingan nito upang bigyang-katwiran ang pagkopo nito ng milyong badyet mula sa kaban ng bayan.



**Iba pang tampok na kaso**

Kabilang sa karumaldumal na mga krimen ng batalyon ang Oplan Sauron na sinimulan noong Marso 2019 bilang pangalawang serye ng Simultaneous Enhanced Managing of Police Operations (SEMPO) sa Negros noong 2019. Labing-apat ang pinatay at 12 ang inaresto sa "oplan" na ito.

Kilala din itong nasa likod ng pagdukot sa ilang buwan pa lamang na sanggol na di umano ay "anak ng NPA" noong Nobyembre 2020.

Pangunahing biktima ng batalyon ang mga sibilyang magsasaka. Sa isang insidente noong Enero, pinaslang nito ang isang 49-taong gulang na magsasaka sa Himamaylan City na si Jose Gonzalez dahil pinaghinalaang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.


Kilala rin ito sa paninira at pagsusunog ng mga bahay at ari-arian ng mga pobreng magsasaka na hinihinalaang kasapi ng BHB. Sa isang insidente noong Pebrero 2019, sinunog nila ang bahay ni Arlene Pausal, isang buwan matapos naganap ang inilunsad na taktikal na opensiba ng BHB sa Barangay Banwage, Guihulngan City.

Kabi-kabila rin ang proyektong imprastraktura na di umano'y layuning magbigay daan para mapabilis ang pagbyahe ng mga produkto direkta sa mga merkado. Ilan ang renobasyon ng daanan sa bayan ng Candoni na mayroong habang 222.8 kilometro at anim metrong lawak sa Kabankalan na magkukunekta sa kanayunan ng Ilog at tatagos sa Barangay Tapi at Magballo. Samantala, walong barangay naman sa Isabela, Negros Occidental na idineklarang "insurgency free" ang pagtatayuan ng kaparehong proyekto na nagkakahalaga ng ₱160 milyon. Ang mga ito ay bahagi ng paghahanda sa pagpasok ng mga kumpanya ng mina, enerhiya at ekoturismo sa interyor na bahagi ng prubinsya. AB

# International Labour Organization

# 107

kinatawan ng reaksyunaryong estado, 38 mula sa AFP, PNP at NTF-Elcac, ang umupo sa konsultasyon ng International Labor Organization kaugnay sa paglabag sa mga karapatan ng mga manggagawang Pilipino noong Enero.



# ₱10

kada 100 gramo o mililitro na buwis na balak ipataw ng rehimeng Marcos sa mga **tsitsirya** at iba pang pagkain para lumikom ng ₱76 bilyong ipambabayad sa utang.


# ₱278,434

## KADA BUWAN

**ang minimum na sweldo ni Larry Gadon,** abugadong tinanggalan ng lisensya ng Korte Suprema dahil sa pagiging bastos at kontra-kababaihan, bilang bagong-talaga na presidential adviser pangkontra-kahirapan.

# 80%

pagbagsak ng huli ng mga mangingisda sa Cavite dulot ng *dredging* para sa mga proyektong reklamasyon.




# 17 TAON

na mula huling makita ang mga biktima ng pwersahang pagkawala na sina **Sherlyn Cadapan**, **Karen Empeño**, **Manuel Meriño**, **Prudencio Calubid**, **Celina Palma**, **Ariel Beloy** at **Gloria Soco**.

# 3

**taong gulang na sana noong Hulyo 1 si Baby River,**

anak ng aktibistang si Reina Mae Nacino na ikinulong sa gawa-gawang mga kaso. Namatay ang sanggol matapos ihiniwalay sa kanyang ina.




# 1,600

**mamamahayag na Pilipino ang pinatay**

mula itinatag ang upisina ng UN special rapporteur para sa malayang pagpapahayag noong 1993.

## Kampanya upang palayain ang lahat ng bilanggong pulitikal, muling pinalakas




Inilunsad noong Hunyo 27 sa Bantayog ng mga Bayani sa Quezon City ang "Breaking chains, Reclaiming freedom from Marcos Sr to Marcos Jr," isang aktibidad para ipanawagan ang agarang pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal. Pinangunahan ito ng Samahan ng Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Aresto (SELDA) at nilahukan ng 13 organisasyon at ilang dating detenidong pulitikal ng diktadurang Marcos Sr. Sa ilalim ng diktadura, mayor na kampanya ang panawagang "Palayain ang lahat ng bilanggong pulitikal!"

Ayon sa SELDA, umaabot na sa 49 ang biktima ng arbitraryong pang-aaresto at detensyon sa unang taon ni Ferdinand Marcos Jr. Kabilang sila sa 778 bilanggong pulitikal na nasa talaan ng Karapatan hanggang Hunyo 30.

Kabilang sa mga bilanggo ang mahigit 70 matatanda, 150 babae at 90 maysakit.

Sa mga rehiyon, Northern Mindanao ang may pinakamaraming bilang ng mga inaresto at idinetine (105), sunod ang National Capital Region (104), Caraga (93), Western Visayas (90) at Central Visayas (85).

Karamihan sa mga bilanggong pulitikal ay nakakulong dahil sa gawa-gawang mga kaso. Inaresto sila nang walang ligal na basehan at karamihan ay walang mandamyento de aresto. Ipiniit sila dahil sa kanilang pampulitikang paninindigan at aktibidad.

"Usad-pagong" ang pagharap at paglilitis sa kanilang mga kaso. May mga detenidong nakatapos ng maksimum na sentensya pero hindi pa rin nakalalaya dahil hindi matamang nasusubaybayan ang kanilang kaso. Madalas ito sa mga detenidong mahirap at nasa malayo ang pamilya, at walang regular na abugado.

May mga detenidong napapawalang-sala sa orihinal na kaso, pero hindi nakalalaya dahil sa pagsasampa ng "sapin-saping kaso" ng militar. May iba naman na namatay na lamang sa kulungan nang hindi nareresolba ang kanilang mga kaso.

Ginunita rin sa aktibidad ang International Day in Support of Victims of Torture. Liban sa tortyur at iba pang di makataong trato, nagtitiis ang mga bilanggong pulitikal sa mga seldang masisikip, kulang na pagkain at disapat na serbisyong pangkalusugan.

Layunin ng kampanya na makalikom ng suporta sa loob at labas ng bansa, makabuo ng *network* at koalisyon sa iba't ibang entidad at makipagdayalogo sa kinauukulang mga insitusyon tulad ng United Nations.

Noong Hulyo 1, muling idinulog ng mga tagapagtanggol sa karapatang-tao ang lumalalang paglabag sa karapatang-tao sa ika-53 pulong ng United Nations Human Rights Council sa Switzerland. AB

---

## Dagdag-sahod, pagtatanggol sa karapatan at soberanya, sigaw ng LGBT+

Dagdag-sahod, pagtatanggol sa karapatan at kagalingan ng mga minorya sa kasarian, pagtatanggol sa pambansang soberanya at karapatang-tao ang ilan sa tampok na panawagan sa inilunsad na Pride March noong Hunyo 24. Nanguna sa aktibidad ang Bahaghari, ang pambansa-demokratikong organisasyong nagtataguyod sa mga karapatan ng LGBT+ sa bansa.

Pinangunahan ng grupo ang pagkilos sa Southern Tagalog Pride, Metro Baguio Pride, at Central Luzon Pride. Nakiisa rin ito sa martsa ng ilampung libong LGBT+ at kanilang mga alyado sa Makati City at Quezon City.

Higit 500 ang lumahok sa martsa ng Metro-Baguio Pride mula Session Road tungong Igorot Park. Napuno ang protesta ng makukulay na bandila at ng bahaghari, mga plakard na may iba't ibang panawagan at mga pagtatanghal. Naglunsad din sila ng Pride Fair sa Igorot Park mula Hunyo 21 hanggang Hunyo 23.

Sa Laguna, nagtipon ang daandaang delegasyon ng iba't ibang sektor mula sa Southern Tagalog sa kampus ng Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños bilang selebrasyon ng Pride Month. Nagkaroon din ng malaking pagtitipon sa Angeles City, Pampanga. Katulad na mga pagkilos ang inilunsad ng iba't ibang grupo sa Biñan sa Laguna, at Cebu City. Nagkaroon din ng aktibidad sa Dumaguete City at Mandaue City noong Hunyo 25.

Inalala ng Bahaghari sa araw na iyon ang kauna-unahang Pride March sa Pilipinas na inilunsad ng Pro-gay, isang pambansa-demokratikong organisasyon ng mga bakla, noong 1994. Ang martsang ito ay kauna-unahan din sa buong Asia.

Sinuportahan din ng Bahaghari ang panukalang SOGIE (Sexual Orientation, Gender Identity, and Expression) sa kongreso na nagsasaad ng pagkilala sa mga karapatan ng mga LGBT+. AB

# Pang-aatakeng militar sa 5 prubinsya

Nagpapatuloy ang malalalang paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas sa nakaraang dalawang linggo.

Sa Masbate, binaril at napatay ng mga sundalo si Randy Dionan Mahinay sa Sityo Abanggan, Barangay San Carlos, Milagros noong Hunyo 21 habang nagtatrabaho sa konstruksyon ng kalsada sa lugar. Idinadawit siya ng militar sa inilunsad na ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga aset paniktik at CAFGU, kung saan isa ang napatay, noong Abril 14 sa parehong barangay. Pinaratangan siyang tumulong sa mga Pulang mandirigma dahil lamang nagtatrabaho siya sa lugar kung saan nangyari ang ambus. Aktibo siyang kasapi ng samahan ng mga maralitang magsasaka na tutol sa planong pagpapalawak ng dayuhang kumpanyang Filminera-Masbate Gold Project sa bayan ng Mobo, Uson at Milagros.

**Tangkang pagpatay.** Tinangkang patayin ng mga sundalo si Rudolfo Ygot sa kanyang bahay sa Barangay Barag, Mobo, Masbate noong Hunyo 18. Ang 41-anyos na si Ygot ay kapitan ng naturang barangay at kabilang sa mga tumututol sa pagpapalawak ng Filminera-Masbate Gold Project.

**Pag-aresto.** Inaresto ng mga pulis ang apat na magtutubo na kasapi ng balangay ng Pagkakaisa ng Manggagawang Bukid sa Tubuhan (PAMATU) sa Barangay Tumalim, Nasugbu sa Batangas noong Hulyo 3. Ang apat na biktima ay sina Felix Cailing Diraya (53), Francis Joshua Diraya (20), Efren Panganiban (51), at Lanie Villa Diraya (48). Inaresto sila matapos ipagtanggol ang kanilang karapatan sa paggawa at paninirikan sa lupa.

Sa Negros Occidental, inaresto ang lider-magsasaka na si Susan Medes. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 7.*)

**Panggigipit.** Sa Negros Occidental, ininteroga ng mga sundalo ang magsasakang si Benjie Teruel sa detatsment ng CAFGU sa Barangay Hilamonan, Kabankalan City noong Hunyo 19. Si Teruel, mayroong kapansanan, ay pilit na pinaaamin na sangkot sa pag-atake ng hukbong bayan sa naturang detatsment noong Hunyo 13. Pinagbantaan ang kanyang buhay at kaligtasan ng kanyang pamilya.

**Pamamaril.** Nagdulot ng labis na takot sa mga residente ng Sityo Cansampo, Barangay Bagtik, La Libertad, Negros Oriental ang pagpapaulan ng bala ng 62nd IB sa lugar noong Hunyo 23 ng hapon. Naiulat din sa barangay ang sapilitang pagpasok at panghahalughog sa mga bahay ng residente.

Sa pagitan ng Hunyo 23 at Hunyo 30, hinabol at pinagbabaril ng mga sundalo ang may kapansanan sa pag-iisip na si Junior de los Trico sa parehong lugar.

**Pambobomba.** Naghulog ng 14 na bomba at ilang beses na nagistraping ang mga sundalo sa mga sakahan ng mga barangay ng Bazar, Naguilian, Sacaang at Bilabila sa bayan ng Sallapadan, Abra sa pagitan ng Hunyo 26 at Hunyo 28. Ganti ito ng mga sundalo matapos ang dalawang magkasunod na armadong aksyon ng BHB laban sa kanilang mga tropa. AB

---

### Kinakasuhan kaugnay ng "terorismo," dumarami

SA IKATLONG TAON ng Anti-Terorrism Law (ATL), nagprotesta ang iba't ibang progresibong grupo sa harap ng tanggapan ng National Security Council sa Quezon City noong Hulyo 3. Binatikos nila ang patuloy na paggamit ng estado sa batas para lantarang supilin at patahimikin ang mga kritiko ng rehimen at mga progresibong organisasyon.

Sa Southern Tagalog pa lamang, nasa 15 indibidwal na ang kinasuhan ng paglabag sa ATL. Pinakahuli sa kanila ang dalawang tagapagtanggol ng karapatang-tao na kinasuhan noong Hunyo 26 ng 59th IB ng "pagbigay ng materyal na suporta" sa mga "teroristatng organisasyon." Pinalalabas na lumabag sa Section 12 ng naturang batas sina Ken Rementilla at Jasmin Rubia. Ang pagkaso ng "pagtulong sa terorismo" ay dahil sa isinagawang *fact-finding mission* (FFM) noong Hulyo 2022 para imbestigahan ang pagpaslang ng AFP sa batang si Kyllene Casao sa Taysan, Batangas.

Idinawit din sa kaso ang pangalan ni Hailey Pecayo, tagapagsalita ng grupong Tanggol Batangan, kung saan pinalalabas na isa siya sa naka-engkwentrong Pulang mandirigma ng mga sundalo noong Hulyo 18, 2022.

Samantala noong Hunyo 29, natanggap naman ni Rev. Edwin Egar, Interim Officer ng Karapatan-Southern Tagalog, ang isang *subpeona* na nagsasaad ng umano'y paglabag ng pari sa naturang batas.

Naitala rin sa Central Luzon, Bicol at mga rehiyon sa Mindanao ang paggamit sa ATL para supilin at ikulong ang mga aktibista at progresibong personahe. Ang ATL din ang pangunahing salarin sa nagpapatuloy na pagsensor sa 27 *website* ng mga progresibong organisasyon sa internet. Arbitraryong itinalaga din ng Anti-Terrorism Council, na nilkha ng ATL, ang mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines at ilang mga personahe tulad ni Dr. Natividad Castro bilang mga "terorista." AB